THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE PHILIPPINE NATIONAL POLICE


PULIS SERBIS

# BALITA

#PNPKAKAMPIMO

Volume VI No.17 * Abril 23 - 29, 2022 * Visit our Facebook Page: PULIS SERBIS BALITA Email Add: pnppublications@pcadg.gov.ph

# "POLICE OFFICER STATUE" TAGUMPAY NA PINASINAYAAN




Camp Crame, Quezon City - Matagumpay na pinasinayaan ng Philippine National Police ang katangi-tanging Police Officer Statue kasabay ng Traditional Monday Flag Raising Ceremony sa PNP National Headquarters, Camp BGen Rafael T Crame, Quezon City nito lamang umaga ng Lunes, Abril 25, 2022. *sundan sa pahina 3*



**PUBLIC ANNOUNCEMENT!**

PHILIPPINE NATIONAL POLICE

**Alert Levels System for COVID-19**

**NCR**

**Alert Level 1**

Police Community Affairs and Development Group | Pulis At Komunidad | PNP Pulis At Ur Serbis | pcadg.pnp.gov.ph

## Php21M halaga ng shabu nasabat ng Cebu City PNP sa isang High Value Individual

*sundan sa pahina 9*

## Php136M halaga ng shabu nakumpiska; 3 arestado sa buy-bust ng Cavite PNP

*sundan sa pahina 10*

## Php68M halaga ng shabu nakumpiska sa buy-bust operation sa Cebu City

*sundan sa pahina 11*



## PULISYAPEDIA

**Ano ang release on recognizance?**

Ayon sa Republic Act 10389 o ang Recognizance Act of 2012, ang release on recognizance ay nangangahulugan na ang isang taong nakakulong at walang kakayahang magbayad ng piyansa ay maaaring mabigyan ng pansamantalang kalayaan sa pamamagitan ng paglalagay ng kustodiya nito sa isang kwalipikadong miyembro ng barangay, siyudad, o bayan kung saan nakatira ang akusado. Gaya ng piyansa, ang recognizance ay isang kasiguruhan na dadalo ang akusado sa pagdinig ng kaniyang kaso.

**JOINT TASK FORCE CV SHIELD**
COMMAND CENTER, PNP COMMAND CENTER

GLOBE 09175382495
SMART 09988490013
LANDLINE (02)87253176
E-MAIL ncovmonitoring@gmail.com

HOTLINE NUMBERS

#PNPKakampiMo #TeamPNP #WeServeAndProtect

## E - SUMBONG

*e - SUMBONG SMS Hotline*
SMART : 0919 1601 752
GLOBE : 0917 8475 757

Email : e-sumbong@pnp.gov.ph
Facebook Page : facebook.com/OfficialPNPHotline
Web Portal : https://e-sumbong.pnp.gov.ph

# 233 kilo ng mais inani sa tulong ng R-PSB sa Davao del Norte





**Davao del Norte - Umani ng 233 kilograms na mais ang Tata Ata-Manobo Farmers Association sa tulong ng Revitalized Pulis sa Barangay sa Sitio Naputkalan, Brgy. Sto Niño, Talaingod, Davao del Norte, nito lamang Biyernes, Abril 23, 2022.**

Sa pangunguna ni PLt Mick Puerto, Team Leader, tinulungan ng mga tauhan ng R-PSB ang isang miyembro ng asosasyon na si Ginoong Florendo Andilong isa sa mga benepisyaryo ng corn seed program mula sa Provincial Agriculturist Office at Municipal Agriculturist Office sa pag-aani ng mais.

Ang 233 kilo na mais ay naibenta sa halagang Php3,500 na malaking tulong upang maitawid ang kanilang pamumuhay.

Higit pa rito, ang livelihood program na ito ay magbibigay ng tulong sa bawat miyembro ng asosasyon.

Ito ay naglalayong paunlarin ang programang pangkabuhayan ng asosasyon sa tulong ng R-PSB team, sa pamamagitan ng pagbibigay at paglalapit ng mga programa ng pamahalaan kaugnay ng Executive Order No. 70-End Local Communist Armed Conflict sa bansa. *(Panulat ni Patrolwoman Rose Ann Delmita)*

# Lupang sakahan at pastulan na nasusunog, nirespondehan ng Kalinga PNP




**Tabuk City – Agad na nirespondehan ng mga tauhan ng 1st Kalinga Provincial Mobile Force Company ang nangyaring sunog sa isang lupang sakahan at pastulan sa Sitio Ileb, Nambaran, Tabuk City, Kalinga noong Abril 23, 2022.**

Ayon kay Police Lieutenant James Pangog, Duty Officer ng 1st Kalinga PMFC, nakatanggap sila ng tawag mula sa isang concerned citizen na humihingi ng tulong sa isang sunog na naganap sa nasabing barangay sa likod ng isang resort.

Ayon pa kay Police Lieutenant Pangog, matagumpay na naapula ang tinatayang isang ektaryang lupang sakahan at pastulan na nasusunog dahil sa mabilis na aksyon at pagtutulungan ng mga kapulisan at mga residente ng Sitio Ileb.

Bukod dito, naiwasan ding madamay na masunog pa ang katabing lupang sakahan o pastulan.

Ang PNP ay laging handang tumulong anumang oras na kailangan ng mamamayan para protektahan at panatilihin ang kapayapaan at kaligtasan sa pamayanan. *(Panulat ni Patrolman Joven F Silawan)*

# "Patubig" para sa IP community handog ng R-PSB sa Davao City




**Davao City - Matagumpay na naiturn-over ang konkretong water tub at namahagi ng 50 food packs ang Revitalized Pulis sa Barangay sa Sitio Bulawanon, Brgy. Magsaysay, Marilog District, Davao City, noong Abril 24, 2022.**

Ang Quick Impact Project (QIP) na "Patubig" at Community Outreach program ay resulta sa ginawang survey ng R-PSB Team Marilog Sub Cluster 2 sa pangunguna ni PLt Bernard Blair Capitan at PCpt Roel Ibanez, Officer-in-Charge ng 1105th Maneuver Company ng Regional Mobile Force Battalion 11 kasama ang ating mga stakeholders na sina G. Frans Maz Chang at Mr. Rojelio Payca kung saan 50 sambahayan ang makikinabang.

Bukod dito, ang mga residente sa pamamagitan ni Datu Gabriel Gumbay, Lider ng Sitio, ay nagpaabot ng kanilang taos pusong pasasalamat sa mga pagsisikap na ginawa ng R-PSB Team na nagpalakas naman ng kanilang tiwala at kumpiyansa sa kapulisan at sa pamahalaan. *(Panulat ni Patrolwoman Rose Ann Delmita)*

# Feeding Program isinagawa ng San Antonio PNP



**San Antonio, Zambales - Nagsagawa ng Feeding Program ang San Antonio PNP sa Brgy. Angeles, San Antonio, Zambales nito lamang Sabado, ika-23 ng Abril 2022.**

Dumalo sa aktibidad ang mga miyembro ng Kabataan Kontra Droga at Terorismo.

Namigay ang grupo ng libreng lugaw sa mga residenteng dumalo sa programa.

Labis naman ang kasiyahan at pasasalamat ang tugon ng mga residente sa dalawang grupo.

Layunin ng aktibidad na bigyan ng pangunahing serbisyo ang mga mamamayang lubos na naapektuhan ng pandemya at ipadama na may mga taong handang tumulong sa oras ng pangangailangan. *(Panulat ni Police Corporal Maria Elena S Delos Santos)*

# "Police Officer Statue" tagumpay na pinasinayaan



Ang nasabing pagpapasinaya ay pinangunahan mismo ni PNP Chief, Police General Dionardo Carlos, kasama ang iba pang police officials, sa pamamagitan ng unveiling ceremony.

Ang "PNP Officer Statue" ay gawa sa halos 250 kilograms ng demilitarized and beyond economical repair firearms metal parts, isang life-size metal sculpture na obra maestra ng isang well-known contemporary Filipino artist na si Mario "Ram" Mallari Jr., parehong artist na gumawa sa (larger-than-life) Lapu-Lapu statue na gawa rin sa parehong mga materyales, na nauna ng itinayo sa kabilang bahagi ng harapan ng headquarters.

Ang naturang iskultura ay naglalarawan sa isang makabagong Filipino Police Officer na nagsasagawa ng daily patrol, suot ang General Office Attire (GOA) uniform kasama ang equipment belt.

Pinaalalahanan naman ni PGen Carlos ang hanay na ituring na simbolismo ang katangi-tanging iskultura upang ipagpatuloy ang mithiin ng himpilan: ang Service, Honor at Justice. Aniya, "Let it stand as a symbol of hope and as an unyielding instrument of unity that binds the more than 225,000 gallant men and women of the Philippine National Police as we remain unfaltering in upholding the sovereignty of our beloved country as well as in serving and protecting the Filipino people with the utmost respect and highest regard to the rule of law."

# 19 anyos arestado sa kasong Rape at 4 Counts of Lascivious Conduct sa Davao City



**Davao City - Arestado ng puwersa ng PNP ang isang 19 anyos na lalaki bisa ng warrant of arrest para sa kasong Rape at 4 counts of Lascivious Conduct sa Davao City, nito lamang Sabado, Abril 23, 2022.**

Kinilala ni PMaj Jake Goles, Station Commander ng Sta. Ana Police Station 1, ang suspek na si Bernard Juri Noples Valenzona, 19, residente ng nasabing lugar at tinaguriang Top 47 Most Wanted Person sa City Level.

Ayon kay PMaj Goles, naaresto ang suspek sa Block 47, Brgy. 22-C Paiapi Blvd., Davao City sa pinagsamang tauhan ng Sta. Ana Police Station 1 at CIDG - Davao City Field Unit para sa kasong rape na walang inirekomendang piyansa at Php200,000 naman kada isa para sa kasong Lascivious Conduct.

Nais ng Police Regional Office 11 sa pamumuno ni PBGen Benjamin Silo Jr., PRO11 Regional Director na protektahan ang mga kababaihan at mamamayan sa mga ganitong uri ng krimen sa kanilang patuloy na pagtugis sa mga lumabag sa nasabing batas. *(Panulat ni Patrolman Alfred Vergara)*

# 3 arestado sa PNP Task Force Checkpoint matapos mahulihan ng baril at ilegal na droga sa Davao City



**Davao City - Arestado ang tatlong indibidwal matapos mahulihan ng mga baril at ilegal na droga habang sumasailalim sa PNP-TF checkpoint operation sa Calinan District, Davao City, noong Abril 23, 2022.**

Kinilala ni PMaj Jack Tilcag, Station Commander ng Calinan Police Station, ang mga suspek na sina Gerald Garcia, 30, residente sa Purok Dugso, San Pedro, Panabo City; Michael Garcia, 25, residente ng Panabo City; at Jenelyn Masernas, 25, residente ng Quezon, Bukidnon.

Ayon kay PMaj Tilcag, nakuha mula sa mga suspek ang apat na katamtaman at pitong maliliit na pakete ng hinihinalang shabu na may bigat na humigit kumulang apat na gramo na may street market value na Php64,000 at mga parapernalya.

Maliban rito, nakuha rin mula sa mga suspek ang isang cal. 9mm pistol na may isang magazine na naglalaman ng pitong rounds ng cal. 9mm live na bala; isang pirasong dagdag na cal. 9mm magazine na naglalaman ng pitong rounds ng cal. 9mm live ammunition, at isang unit .357 revolver na may kargang limang rounds ng .357 live ammunition.

Ang mga suspek ay nasa kustodiya na ng nasabing istasyon upang sampahan ng kasong paglabag sa Sec.13 at Sec. 14 ng RA 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002, RA 10591 o Comprehensive Firearms and Ammunition Regulation Act, at Sec. 32 ng RA 7166 o Synchronized National and Local Election.

Ang matagumpay na pagharang sa nasabing mga kontrabando ay nagpapakita kung gaano kadedikado ang PNP sa pagpuksa ng paglaganap ng ilegal na droga sa Rehiyon onse.

Dagdag pa rito, mahigpit ang pagpapatupad ng PNP ng COMELEC Gun Ban sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga checkpoint. *(Panulat ni Patrolman Alfred Vergara)*



# PNP CHIEF @ UR SERBIS

*Ni PGen Dionardo B Carlos*

## Handang-handa na ang PNP para sa Halalan 2022 sa bansa

Tinitiyak ng buong hanay ng Pambansang Pulisya ang ating kahandaan para sa darating ng National and Local Elections 2022 sa Mayo 9 sa ating bansa.

Magmula sa mahabang preparasyon hanggang sa deployment ng personnel at kahandaan sa logistical requirements ay ating tinitiyak na ang mga ito ay magiging sapat at may kahandaan. Lahat ng yunit ng PNP mula sa headquarters hanggang sa mga istasyon ay nakahanda ang ating mga kasamahan para matiyak na magiging maayos at mapayapa ang halalan sa ating bansa.

Pinangunahan nga natin ang showdown inspection at logistical readiness test dito sa Kampo Crame, kasabay ng kaparehong aktibidad sa mga regional offices para sa police resources at equipment na gagamitin sa election security operations sa Mayo 9.

Ang ating hanay ay magpapadala ng transportasyon, seguridad, komunikasyon, at iba pang kagamitan na mahalaga sa misyon bago ang araw ng halalan upang mapabuti ang kakayahan ng pulisya sa buong bansa upang matiyak ang isang patas, tapat, ligtas, at ligtas na halalan.

Ilang araw bago ang halalan, ang lahat ng mga yunit ng PNP sa bansa ay puspusan ang pagsisikap upang matiyak ang kaligtasan ng bawat isa, lalo na sa lahat ng polling center sa buong bansa.

Sisiguraduhin natin na sapat ang bilang ng mga pulis na ipapakalat sa mga polling precinct para magarantiya ang kaligtasan ng publikong bumoboto, at mga opisyal ng halalan, at upang ipatupad ang mga minimum na protocol sa kalusugan.

Samantala, maka-alerto rin ang ating hanay upang hindi na muli maulit pa ang pagtangkang pag-hack ng mga hacker sa websites na gagamitin sa darating na halalan. Sa matagumpay na joint operations ng isinagawa ng PNP, CICC at iba pang ahensya, mas magiging alerto at handa tayo upang matiyak at garantiyahan ang publiko na mapanatili ang integridad ng halalan sa ating bansa.

Dahil sa napakalaking tagumpay na ito, patuloy na susubaybayan ng ating hanay ang mga online na aktibidad na nakadirekta upang manipulahin ang mga resulta ng halalan.

Paulit-ulit kaming nananawagan sa ating mga kababayan na maging alerto, mapagmatyag, at makiisa sa ating pamahalaan para matiyak na magiging ligtas, maayos, patas, at matiwasay ang halalan sa ating bansa. Lubhang mahalaga ang inyong partisipasyon.

# EDITORYAL

## Pinaigting na seguridad sa nalalapit na halalan, titiyakin ng PNP

Tatlong linggo bago ang halalan pinaiigting na ng pambansang pulisya ang kanilang mga gawaing pangseguridad sa lahat ng lugar sa bansa lalo na ang mga election hotspots.

Habang papalapit ang eleksyon, inaasahan na ang pagtaas ng political tension lalo na sa hanay ng mga kandidato at kanilang mga tagasuporta. Kaya naman mas pinaigting pa ang pagsasagawa ng checkpoints at pagpapanatili ng presensiya ng mga kapulisan sa lahat ng mga lugar upang maiwasan ang anumang kaguluhan.

Matatandaang bilang parte ng paghahanda ng pambansang pulisya,ni-recall ang lahat ng mga pulis na kasalukuyang sumasailalaim sa mandatory training upang makadagdag sa pwersa ng mga kapulisan na titiyak sa kaligtasan at seguridad sa lahat ng lugar sa bansa.

Kaugnay nga nito isang linggo bago ang halalan ay mga pulis naman na nangangasiwa ng tungkuling administatibo ang ilalabas upang magsilbing quick reaction team ng police station na nakakasakop sa presintong kanilang pagbobotohan . Bukod pa nito, aatasan din silang magbabantay sa mga voting precincts kung saan sila boboto sa araw ng halalan.


Sa pahintulot ng COMELEC, may mga pulis naman na sinasanay bilang Special Board of Election Inspectors na hahalili sa mga gurong itatalagang Board of Election Inspectors (BEI) sakali mang magkagulo at lubhang mapanganib sa ating mga guro na gampanan ang kanilang tungkulin bilang BEI.

Sinisiguro ng pambansang pulisya na handa ang buong pwersa nito at may mga nakalatag nang plano sa anumang senaryo bago, sa mismong araw, at pagkatapos ng eleksiyon.

Hinihikayat naman ng pambansang pulisya ang lahat ng ating mga kababayan na makipagtulungan sa kampanya kontra krimen at korapsyon ngayong panahon ng halalan sapagka't naniniwala ang pambansang pulisya na ang solidong suporta at tulong ng mga mamamayan sa bawat komunidad ang susi sa kapayapaan at kaligtasan ng halalan.

Nakaatang sa balikat ng pulisya ang responsibilidad na panatilihing ligtas at payapa ang buong bansa upang matupad ng mga mamamayan ang kanilang karapatan na bumoto. Patunayan natin na buhay pa rin ang demokrasya sa bansa sa pamamagitan ng pagsiguro na ligtas, payapa at maayos na halalan 2022.

Pagtulungan nating maisagawa ito sa Mayo 9 at siguruhin na magiging ligtas ang bawat isa sa kanilang paglabas at pagboto ng mga pinuno na magtataguyod ng kaunlaran sa ating bansa.




# THE PNP CORRESPONDENT

*Ni: PEMS Eric B. Fernandez*

## Salaam Police Center, mangunguna sa "PNP Grand Iftar Celebration"

Mangunguna ang Salaam Police Center, Directorate for Police Community Relations sa pagdiriwang ngayong araw, Abril 28, 2022 ng "PNP Grand Iftar" na gaganapin sa PNP Transformation Oval sa Camp Crame.

Ayon kay PNP Director for Police Community Relations, PMGen General Walter E. Castillejos, kabilang anya sa mga dadalo at makikiisa sa kanilang pagdiriwang na kung saan ay magbibigay din ng kanilang Ramadan Messages ay sina PNP Chief, PGen Dionardo B. Carlos; Engr. Yusop Macabada, National President, Salaam Advocacy Group; Commissioner Yusop Mando, OIC, National Commission on Muslim Filipinos; H.E Dr. Mitiaz Ahmad Kazi, Ambassador of Pakistan to the Philippines; Dr. Gafur A. Kanain, Chief Minister, BARMM; at siyempre pa ang ating mga kasamahan sa Salaam Police na nakabase sa iba't-ibang bahagi ng bansa.

Ayon naman kay Salaam Police Center Chief, PCol Madzgani M. Mukaram, bahagi din sa nasabing programa ay ang Qur'an Reading, Islamic Invocation, Dua After Iftar, AZAN (Call of Prayer) and IQAMA, at ang Magrib (Dusk) Prayer, na kung saan ay pangungunahan ng ating mga opisyales ng Salaam Police Center, at ganon din si IMAM PCol Ebra Moxsir, Deputy Director, PNP Chaplain Service.

Nagpaabot naman si PNP Chief, PGen Dionardo Carlos ng kanyang pasasalamat sa ating Salaam Police Center dahil sa kanilang mga kontribusyon at magagandang programa sa ating Pambansang Pulisya lalo na sa mga usapin at pagpapataas ng moral ng ating mga pulis na kabilang sa Salaam Police.


# EDITORIAL BOARD

**PGEN DIONARDO B CARLOS**
*Chairman*

*Editorial Consultant*
**PMGEN WALTER E CASTILLEJOS**

*Editor-In-Chief*
**PBGEN ERIC E. NOBLE**

*Executive Editors*
**PCOL MARCIAL MARIANO P. MAGISTRADO IV**
**PCOL ROGELIO P. SIMON**
**PCOL BERNIE H. ORIG**

*Business Manager*
**PLTCOL DAINES O. AMUGUIS**

*Managing Editors*
**PLTCOL CHRISTINE R BAGUNDOL**
**Ms. Evelyn Duremdes-Barz**

**PLT NOMER B. MACARAIG *PLT MYLEEN D. LACAMBRA *PCpl Romulo Cleve M. Ortenero *PCpl Alona Faith L. Edas *PCpl Melody L. Pineda *PCpl Mary Metche A. Moraera *PCpl Carla Mae P. Canapi *Pat Jenny T. Beltran *NUP Emma Kris D. De Guzman *NUP Loreto B. Concepcion**
*Writers/Researchers*

**PSMS Janice C. Arenas *NUP Leonito C. Navales**
*Photographers*

*In-Charge of Circulation*
**PCMS Ronald V. Condes *PSMS Rosie B. Gonzalo *PCpl Rei Austin R. Manahan *Pat Jersen Christopher L. Yalong**

**PLT RALPH KESTER S. RAGAZA**
**PMSg Butch L. Berden**
**PSSg Alan Czar A. Santos**
*Cartoonists*

**Mr. Roy S. Gonzalez**
**Mr. Ralph Evan S. Gonzales**
*Graphic/Layout Artist*

Editorial Office: Police Community Affairs and Development Group
Email Add: pnppublications@yahoo.com / pulisserbisbalita@gmail.com
Tel. No.: (02) 723-0401 local 3453

# Negosyante arestado ng PRO 2 sa kasong paglabag sa RA 10591



**Cauayan City, Isabela – Arestado ang isang negosyanteng may iba't ibang klase ng baril at bala sa Search Warrant operation ng PNP nitong Linggo, Abril 24, 2022.**

Kinilala ni Police Colonel Julio Go, Provincial Director ng Isabela Police Provincial Office, ang negosyante na si Pedro Daliwag, 47, residente ng Purok 6, Catleya Subdivision, Brgy. Cabaruan, Cauayan City, Isabela.

Ayon kay PCol Go, naaresto ang suspek bandang 6:14 ng umaga sa nasabing barangay ng mga operatiba ng Cauayan City Police Station, CIDG Provincial Field Unit-Isabela, CIDG Regional Field Unit 2, PNP Special Action Force, Isabela Provincial Intelligence Unit, at Isabela Provincial Highway Patrol Team.

Ayon pa kay PCol Go, nakumpiska sa suspek ang isang caliber .45 pistol na may serial number na S10970355 at may magazine na naglalaman ng pitong bala; isang caliber .45 pistol color black; tatlong steel magazine para sa caliber .45 pistol; labing siyam na bala ng caliber .45 pistol; limang bala ng .38 caliber revolver; anim na bala ng 9mm pistol; apat na bala ng shotgun; tatlong long steel magazine para sa M16 Rifle; tatlong short steel magazine para sa M16 Rifle; dalawang holster ng caliber .45 pistol; isang tactical holster ng caliber .45 pistol; isang kulay green na plastic cartridge case ng caliber .45 pistol; isang camouflage bandolier; dalawang black bag; labing apat na bala ng caliber .22; at isang daan at apatnapu't limang piraso ng bala para sa M16 Rifle.

Dagdag pa ni PCol Go, kusang isinuko din ng suspek ang isang Colt AR-15 M16 rifle na may serial number na 419980; dalawang long steel magazine na naglalaman ng limampung tatlong bala; isang carbine caliber .30 (M1) na may serial number 6794256; isang Ingram M2 caliber 9mm may serial number na Marieta GA 3006-USA; isang unit caliber .45 pistol; isang short steel magazine na naglalaman ng anim na bala para sa caliber .45 pistol; isang colt caliber .45 pistol na nagtataglay ng serial number na 9361852 (M1911); isang steel magazine ng caliber .45 pistol na naglalaman ng pitong bala; tatlong steel magazine para sa carbine M1 at naglalaman ng tatlumpu't siyam na bala; isang teel magazine ng machine pistol at naglalaman ng labing anim na bala; dalawampu't isang bala ng 12 gauge shotgun; dalawang pistol box; dalawang black tactical bag; at isang black bag ng machine pistol na nakatago sa kanyang Black Hyundai Starex Van.

Nahaharap ang suspek sa kasong paglabag sa Republic Act 10591 o ang Comprehensive Firearms and Ammunition Regulation Act.

Tiniyak naman ng Isabela PNP na mas lalo nilang papaigtingin ang kampanya laban sa kriminalidad upang mapanatili ang isang payapa at ligtas na pamayanan para sa mga Isabelino.

# Pulis at suspek, patay sa buy-bust ng Tanza PNP



**Tanza, Cavite - Nasawi ang isang pulis at suspek sa buy-bust operation ng Tanza PNP nito lamang Linggo, Abril 24, 2022.**

Kinilala ni Police Colonel Arnold Abad, Provincial Director ng Cavite Police Provincial Office, ang nasawing pulis na si Police Corporal John Paul Digma, 34, nakatalaga sa Tanza Municipal Police Station bilang Intelligence Operative habang ang suspek ay kinilala na si Leovildo Mesa Alangilan Jr., 43 at residente ng 535 Barangay Punta 1, Tanza, Cavite.

Ayon kay Police Colonel Abad, bandang 9:50 ng umaga nagsagawa ng buy-bust operation ang Station Drug Enforcement Unit ng Tanza Municipal Police Station sa Casa Nueva, Brgy. Biga Tanza, Cavite kung saan nanlaban ang suspek at nagtangka pang maghagis ng granada kaya nagkaroon ng engkwentro.

Bago tuluyang namatay ang suspek ay nakapagpaputok pa ito ng baril kung saan tinamaan sa dibdib si PCpl Digma na agad dinala sa Tanza Specialist Hospital ngunit binawian din ng buhay habang siya ay ginagamot.

Narekober sa suspek ang isang Colt caliber 45 na may laman na limang bala, isang 9mm Sig Suer pistol na may siyam na bala, isang basyo ng bala at 12 heat-sealed transparent plastic sachet na naglalaman ng hinihinalang marijuana.

Ang ipinakitang katapangan at sakripisyo ni PCpl Digma sa pagtugon sa krimen ay nagpapakita lang na ang Pambansang Pulisya ay handang tuparin ang sinumpaang tungkulin kahit maging buhay man ang kapalit. *(Panulat ni Patrolman Jerome Ocampo / RPCADU CALABARZON)*



# PSPG 31st Founding Anniversary, idinaos







**Camp Crame, Quezon City - Idinaos ng PSPG o Police Security and Protection Group sa maikling programa ang kanilang ika-31 anibersaryo na may temang "PSPG @31: Patuloy na paglilingkod nang dekalidad na Seguridad at Proteksyong Ganap tungo sa Ligtas at Mapayapang Halalan para sa Bayan" sa PNP Multi-Purpose Center, Camp Crame, Quezon City kaninang alas-10:00 ng umaga, April 26, 2022.**

Ang programa ay ipinagdiwang upang bigyang parangal at pagkilala sa mga taong nasa likod ng tagumpay ng Grupo na kinabibilangan ng PSPG Advisory Group, stakeholders, at mga Commissioned and Non-commissioned Officers at Non-uniformed personnel ng Grupo.

Dumalo sa naturang programa si Police Lieutenant General Vicente Danao Jr., The Chief of Directorial Staff, bilang Guest of Honor and Speaker na siyang representative ni PNP Chief Police General Dionardo Carlos.

Tampok sa anibersaryo ang Operational Accomplishment ng PSPG kung saan nakapagtala sila sa buong taon ng 1,913 protective security coverage kabilang ang pagbibigay seguridad sa mga rally, Metro Manila at Provincial engagements ni President Roa Rodrigo Duterte, security assistance sa mga Head of States, Foreign Dignitaries at iba pang mga VIPs.

Samantala, sa Administrative Accomplishment naman, nakapagtala sila ng pinakamataas na bilang na 2,483 sa Medalya ng Paglilingkod sa Luzon.

At kamakailan lang nang April 20-22, 2022, nakapagbigay din sila ng kanilang serbisyo sa World Travel and Tourism Council sa ginanap na "Global Summit Philippines."

Bukod rito, ipinakita rin sa Audio-visual Presentation ang pitong bagong opisina ng PSPG sa rehiyon.

Pinuri naman ni PLtGen Danao Jr, ang dedikasyon ng Team PSPG sa pangunguna ng kanilang Director na si Police Brigadier General Juel Neil Salcedo.

"Let me extend my commendations to the national leadership, to our outstanding PSPG personnel whom we just honored today for their exemplary achievements in the Group's successful attainment of both administrative and operational functions. And to all valiant men and women of PSPG, my Congratulations," ani PLtGen Danao. *(Panulat ni PCpl Jhoanna Marie Najera-Delos Santos)*




## Ang titser kong pulis ng Sorsogon PNP




**Castilla, Sorsogon - Tinuruan ng isang pulis ang isang bata ng araling matematika sa Quarantine Control Point sa Barangay Sogoy, Castilla, Sorsogon nitong alas 9:00 ng umaga ng Linggo, Abril 24, 2022.**

Kinilala ni Police Lieutenant Colonel Joceric Dela Peña, Force Commander, Sorsogon 1st Provincial Mobile Force Company ang nagturong pulis na si Patrolman Jude Bryan Perseverando.

Ang ganitong magandang gawain ay bahagi ng Pambansang Pulisya upang mas mapalapit ang komunidad sa pamahalaan para hindi sila malinlang ng mga rebeldeng grupo na walang magandang naidudulot sa ating lipunan lalung lalo na sa mga kabataan.

Ang kabataan ang pag-asa ng bayan kung kaya't pag-aaral lang ang dapat pagtuunan ng pansin para sa kanilang magandang kinabukasan. Kaya't ang PNP ay laging maaasahan upang tumulong sa ating mga kabataang nangangailangan. *(Panulat ni Patrolman Jomar Danao)*



# Talipapa Project para sa mga Aeta, inilunsad ng Hermosa PNP




**Hermosa, Bataan - Naglunsad ang Hermosa PNP ng Talipapa Project para sa mga Aeta sa New Public Market, Brgy. Palihan, Hermosa, Bataan nito lamang April 24, 2022.**

Ang nasabing proyekto ay pinangunahan ni Police Major Emerson Coballes, Chief of Police ng Hermosa Municipal Police Station at pinamunuan ni Police Colonel Romell Velasco, Acting Provincial Director ng Bataan Police Provincial Office.

Ang proyekto ay may temang "Talipapa para sa mga Kapatid na Aeta Tulong Kabuhayan sa Panahon ng Pandemya".

Laking pasasalamat ng mga Aeta sa mga PNP sa oportunidad na mapansin ang kanilang produkto at mabenta sa mga residente ng nasabing lugar.

Layunin nitong mabigyan ang mga katutubong Aeta ng hanapbuhay para pantustos sa kanilang pang araw-araw na pangangailangan. *(Panulat ni PCpl Jeselle V Rivera)*





# Bloodletting Activity isinagawa ng Antipolo PNP





**Antipolo City - Nagsagawa ng Bloodletting Activity ang Antipolo PNP na ginanap sa Antipolo National High School, Brgy. Sta. Cruz, Antipolo City bandang 7:00 ng umaga nitong Sabado, Abril 23, 2022.**


Pinamunuan ni Police Lieutenant Colonel June Paolo Abrazado, Acting Chief of Police ng Antipolo City Police Station ang nasabing aktibidad sa pakikipagtulungan ng Dugong Alay Dugtong Buhay Foundation, Chinese General Hospital and Medical Center, Antipolo National High School sa pangangasiwa ng Antipolo National High School Batch 97.


Limang PNP personnel ng Antipolo City Police Station ang boluntaryong nakuhanan ng dugo sa kabuuang 55 na volunteer na nakiisa at lumahok sa aktibidad.


Layunin ng naturang aktibidad na mapaabot ang tulong ng Antipolo PNP sa mga mamamayan na nangangailangan ng dugo upang madugtungan ang buhay ng mga may sakit at matugunan ang pangangailangan sa dugo. *(Panulat ni Police Executive Master Sergeant Joe Peter Cabugon)*






# BANTAYOG NG KAGITINGAN

*Ni: PLt Robert Fabregas*

## Tawag ng tungkulin

Namatay habang tumutupad sa tawag nang tungkulin ang isang pulis noong June 21, 2020 sa Paranaque City. Nasugatan din sa insidente ang isa pang pulis nang barilin sila ng backrider ng riding-in-tandem na nasawi rin nang gantihan ng putok sa Barangay Baclaran. Idineklarang dead-on-arrival sa San Juan De Dios Hospital si PLt Armand Melad, 41 anyos, may-asawa, residente ng Camarin, Kalookan City dahil sa tinamong tatlong bala sa katawan. Nasugatan naman at ginamot sa nasabing ospital si PCpl Allan Baltazar, 31 anyos, may-asawa at residente ng ng Barangay San Antonio Valley 1, Paranague City.

Patay din sa insidente dahil sa tama ng bala sa ulo ang suspek na si Moamir Sharif, 31 anyos, residente ng J Gabriel St, Barangay Baclaran ng nabanggit na lunsod. Nakatakas naman ang hindi nakilalang kasama nito sakay ng ginamit nilang motorsiklo.

Batay sa ulat, rumesponde ang mga pulis na nakatalaga sa Police Community Precinct (PCP) 1 dahil sa reklamo tungkol sa maingay na videoke sa Unida kanto ng Dimasalang St. nang makita nila ang dalawang suspek na magkaangkas sa motorsiklo at walang suot na helmet bandang alas 9:45 , gabi nang Linggo.


Pinahinto at pinababa ng mga pulis ang dalawa dahil sa paglabag sa social distancing at walang suot na helmet subalit tumangging sumunod ang mga ito. Bumunot ng baril si Sarif at pinaputukan ang mga pulis. Kahit na may tama na, gumanti ng putok si PLt Melad na ikinamatay din ng suspek.

Narekober ng mga awtoridad sa pinangyarihan ng insidente ang 24 na basyo ng cal 40 at 9 mm., isang Jericho Cal 40 na ginamit ni Sarif sa pamamaril sa mga pulis. Nakuha din sa sling bag ng suspek ang isang plastic sachet na naglalaman ng mga hinihinalang shabu. Si Sarif ay dati nang may record sa pulisya.

Sa araw na iyon, June 21, 2020, sa gitna nang ating pakikipaglaban sa pandemic na dulot ng Covid-19 at habang nagdiriwang ang lahat nang "Father's Day", isang pulis, isang ama… ang nag-alay ng buhay upang mapanatiling payapa at matiwasay ang ating komunidad.

PLt Armand Melad, baunin mo ang aming pasasalamat at pagpupugay sa iyong kabayanihan!

# Wanted Person sa kasong Carnapping arestado ng PNP Highway Patrol Group - Cavite




**Bacoor City, Cavite - Arestado ang isang Wanted Person sa kasong Carnapping sa manhunt operation ng Cavite Highway Patrol Unit, nito lamang Martes, Abril 26, 2022.**


Kinilala ni Police Major Dante Aquino, Provincial Officer ng Cavite Provincial Highway Patrol Team ang suspek na si Jessie Arante Morales, 35, residente ng No. 155 Looban St. Brgy. Aniban, Bacoor City, Cavite.

Ayon kay Police Major Aquino, bandang 1:30 ng hapon naaresto ang suspek sa nasabing barangay ng Cavite Provincial Highway Patrol Team at Bacoor City Police Station.

Ayon pa kay Police Major Aquino, naaresto ang suspek sa bisa ng Warrant of Arrest sa kasong Carnapping o paglabag sa RA 10883 (New Anti-Carnapping Act of 2016) na may rekomendadong piyansa na Php300,000.

Ang tagumpay ng PNP sa mga taong may pananagutan sa batas ay bunga ng pakikipagtulungan at pakikiisa ng mamamayan upang mapanatiling ligtas at maayos ang komunidad. *(Panulat ni Police Executive Master Sergeant Elvis C Arellano)*

# Top 5 MWP sa kasong attempted homicide, arestado ng Valenzuela PNP




**Valenzuela City - Arestado ang Top 5 Most Wanted Person sa kasong Attempted Homicide sa Manhunt Operation ng Valenzuela City Police Station nito lamang Sabado, Abril 23, 2022.**


Kinilala ni Police Colonel Ramchrisen Haveria Jr., Chief of Police ng Valenzuela City Police Station ang akusado na si Aris Estacio y Saldo, 45 at residente ng Brgy. Gen T De Leon, Lungsod ng Valenzuela.

Ayon kay PCol Haveria Jr., bandang 9:00 ng gabi nahuli si Estacio sa kahabaan ng Abalos Street sa kanyang lugar ng mga operatiba ng Warrant and Subpoena Section at Sub-Station 2 ng Valenzuela CPS.

Naaresto si Estacio sa bisa ng Warrant of Arrest para sa krimeng Attempted Homicide (4 Counts) na inisyu ng Metropolitan Trial Court Branch 81, Valenzuela City noong Marso 21, 2022.

Tiniyak ni PCol Haveria Jr. na lalong paiigtingin ng kanyang hanay ang paghahanap sa mga wanted persons na nagtatago at may pananagutan sa batas. *(Panulat ni PSSg Remelin Gargantos)*

# Top 4 Most Wanted Person sa kasong Murder, timbog sa Tantangan, South Cotabato




**Tantangan, South Cotabato – Matagumpay na naaresto ang Top 4 Most Wanted Person (Municipal Level) para sa kasong Murder sa isinagawang operasyon ng PNP sa Tantangan, South Cotabato nito lamang Abril 23, 2022.**

Kinilala ni PMaj Randy Apostol, Officer-In-Charge ng Tantangan Municipal Police Station ang suspek na si Christopher Diasino y Lamigo, 45, walang asawa, magsasaka, at residente ng Purok Paglaum, Brgy. New Iloilo, Tantangan, South Cotabato.

Naaresto ang suspek sa Purok San Francisco, Brgy. Libas, Tantangan, South Cotabato ng pinagsanib puwersa ng Tantangan MPS katuwang ang Tracker team ng Regional Intelligence Division 12. *(Panulat ni Patrolman Gio Batungbacal)*

# Php408K halaga ng shabu nasabat ng Malabon PNP; 3 arestado



**Malabon City — Tinatayang nasa Php408,000 halaga ng shabu ang nasabat sa tatlong suspek sa buy-bust operation ng Malabon City PNP nito lamang Sabado, ika-23 ng Abril 2022.**

Kinilala ni District Director Police Brigadier General Ulysses Cruz ng Northern Police District ang mga suspek na sina John Marcos Valentin y Garcia alyas "Labo", 18, Allen Santos y Bonita alyas "Allen", 34, at Rodolfo Delabajan Jr y Baniagas alyas "Jr", 18, pawang mga residente ng Lungsod ng Navotas.


Ayon kay PBGen Cruz, bandang 9:50 ng gabi naaresto ang mga suspek sa kahabaan ng Dr. Lascano Street, Barangay Tugatog, Lungsod ng Malabon ng mga operatiba ng Station Drug Enforcement Unit at Sub-station 2 ng Malabon CPS.

Ayon pa kay PBGen Cruz, nakumpiska sa kanila ang walong pirasong heat-sealed transparent plastic sachet na naglalaman ng hinihinalang shabu na humigit-kumulang 60 gramo ang bigat at may street value na Php408,000, at isang libong piso na ginamit bilang buy-bust money.

Mahaharap ang mga suspek sa kasong RA 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

Tiniyak naman ni PBGen Cruz na patuloy pa rin ang Northern Police District sa kanilang kampanya kontra ilegal na droga sa buong CAMANAVA. *(Panulat ni PSSg Remelin Gargantos)*

# Php21M halaga ng shabu nasabat ng Cebu City PNP sa isang High Value Individual



**Cebu City – Tinatayang Php21 milyong halaga ng shabu ang nakumpiska ng Cebu City PNP sa naarestong High Value Individual nito lamang Sabado, Abril 23, 2022.**

Kinilala ni Police Colonel Ernesto Salvador Tagle, City Director ng Cebu City Police Office, ang naarestong suspek na si Jastine Cabahug Mantos alyas "Justin", 27, residente ng Brgy. Jubay, Liloan, Cebu, at kabilang sa HVI ng Rehiyon 7.

Ayon kay PCol Tagle, naaresto ang suspek pasado alas-7 ng gabi sa Brgy. Mabolo sa buy-bust operation ng mga operatiba ng Station Drug Enforcement Unit ng Police Station 4, CCPO kasama ang PDEA.

Ayon pa kay PCol Tagle, nakumpiska kay Mantos ang mahigit tatlong kilo ng hinihinalang shabu na may Standard Drug Price na Php21,080,000.

Nahaharap ang suspek sa paglabag sa kasong RA 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

Ang matagumpay na operasyon ay patunay sa maayos at epektibong pamamaraan ng kapulisan upang pigilan at wakasan ang mga ilegal na gawain sa nasabing bayan.

# Php720K halaga ng Marijuana nakumpiska sa PNP buy-bust; suspek arestado ng Cagayan PNP




**Peñablanca, Cagayan - Tinatayang Php720,000 halaga ng marijuana ang nakumpiska sa isang suspek sa buy-bust operation ng Cagayan PNP noong Abril 23, 2022.**

Kinilala ni Police Colonel Renell Sabaldica, Provincial Director, Cagayan Police Provincial Office, ang suspek na si Romel Baculi y Macababbad, 23, walang asawa, walang trabaho, residente ng Zone 6, Barangay Alimanao, Peñablanca, Cagayan.

Ayon kay PCol Sabaldica, bandang 6:10 ng gabi nang naaresto ang suspek sa nabanggit na lugar ng pinagsanib na puwersa ng Provincial Drug Enforcement Unit/Provincial Intelligence Unit Cagayan Police Provincial Office (PPO), PDEA RSET, at Peñablanca Police Station.

Ayon pa kay PCol Sabaldica, nakumpiska sa suspek ang 6,000 gramo ng hinihinalang dahon at tangkay ng marijuana na nagkakahalaga ng Php720,000, isang black travelling bag, isang yunit ng black Rusi Macho TC-175 motorcycle na may plate number 0201-878962, isang piraso ng transparent plastic bag na naglalaman ng OR/CR ng motorcycle, isang cellular phone, isang sling bag, boodle money at buy-bust money.

Mahaharap ang suspek sa kasong paglabag sa RA 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

Tiniyak ni Colonel Sabaldica na ang Pambansang Pulisya ay patuloy na ipapatupad ang naaayon sa batas partikular na sa pagsawata sa mga taong sangkot sa ilegal na droga. *(Panulat ni Police Corporal Carla Mae P Canapi)*

# Pagsabog sa Rural Bus Tours, kinondena ng PRO BAR



**Parang, Maguindanao - Mariing kinondena ng Police Regional Office Bangsamoro Autonomous Region ang pagsabog ng IED na nangyari sa loob ng isang Rural Bus Tours na nagresulta sa pagkasugat ng apat na pasahero sa kahabaan ng National Highway sa Brgy. Making, Parang, Maguindanao, noong Abril 24, 2022.**

Ayon kay Police Colonel Jibin Bongcayao, Provincial Director ng Maguindanao Police Provincial Office, 23 pasahero ang pababa na mula sa Gensan-Dipolog City bound Rural Bus Tours na may body no. 10738 sa Niño Eatery para mag-almusal nang sumabog ang IED sa loob ng likod na bahagi ng nasabing bus.

Agad namang siniguro, kinordon, at prinoseso ng PNP ang pinangyarihan ng krimen kung saan nadiskubre ang isa pang IED na matagumpay na na-neutralized ng Explosive Ordinance Disposal Team.

Samantala, agad namang dinala sa pinakamalapit na pagamutan ang apat na sugatang biktima, dalawa dito ang nakalabas na ng hospital habang ang dalawa pang biktima ay dinala sa Cotabato Regional and Medical Center at ngayon ay nasa stable na kondisyon na.

Ang ibang mga pasahero ay maayos na inilikas at na-secure ng PNP responding team.

Inatasan ni Police Brigadier General Arthur Cabalona, Regional Director, PRO BAR si PCol Jibin Bongcayao, na magsagawa ng masusing imbestigasyon kasama na ang pagsusuri sa mga CCTV para sa posibleng pagkakakilanlan ng nasa likod ng nasabing pagsabog ng IED.

Ang isang pasaherong bumaba sa Parang Terminal ilang daang metro bago ang lugar ng pagsabog ay itinuturing na ngayong Person of Interest.

Ang Cartographic Sketch ng nasabing POI ay ipinakalat na sa ibang mga yunit.

Dagdag pa, inatasan ng Regional Director ang lahat ng unit ng PNP na paigtingin ang kanilang mga hakbang sa seguridad lalo na sa mga pangunahing lansangan at terminal.

"Mahigpit naming kinokondena ang hindi makataong pagkilos na ito na nagdulot ng takot sa Parang, Maguindanao.", saad ni PBGen Arthur Cabalona. *(Panulat ni Patrolman Charlie Nasroden Corpuz)*

# Php136M halaga ng shabu nakumpiska; 3 arestado sa buy-bust ng Cavite PNP



**Bacoor, Cavite - Tinatayang Php136 milyong halaga ng shabu ang nakumpiska sa tatlong suspek sa buy-bust operation ng PNP nito lamang Lunes, Abril 25, 2022.**

Kinilala ni Police Colonel Arnold Abad, Provincial Director ng Cavite Police Provincial Office ang mga suspek na si Isaac Gabriel Ambulo y Paydon, 29, residente ng Quiapo, Manila; Roman Hosias Ambulo y Paydon, 25, residente ng Quiapo, Manila; at Abdurrahim Ambulo y Disomimba, 41 at residente ng San Fernando, Pampanga.


Ayon kay PCol Abad, bandang 6:15 ng gabi naaresto ang tatlong suspek sa Molino Blvd, Mambog IV, Bacoor, Cavite City ng Special Operations Unit -National Capital Region; PNP Drug Enforcement Group; Special Operations Unit 4A; Station Drug Enforcement Unit; Bacoor City Police Station, at Provincial Drug Enforcement Unit; Cavite Police Provincial Office; Regional Intelligence Division; Regional Drug Enforcement Unit; Regional Special Operations Group PRO 4A; Criminal Investigation and Detection Group-Regional Field Unit PRO 4A; Regional Intelligence Unit 4A; Philippine Drug Enforcement Agency NCR at Philippine Drug Enforcement Agency 4A.

Ayon pa kay PCol Abad, nakuha sa tatlong suspek ang tinatayang dalawampung kilo ng white crystalline substance na hinihinalang shabu na nagkakahalaga ng Php136,000,000; dalawang piraso ng minarkahang genuine Php1,000 na ginamit bilang buy-bust money; isang silver Honda Civic na may plate number ZDJ 368; sari-saring Identification Card at mga dokumento; at dalawang unit na cellular phone.

Ang tatlong suspek ay nahaharap sa kasong paglabag sa RA 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

Ang Cavite PNP sa pamumuno ni Police Colonel Abad ay patuloy sa kampanya laban sa ilegal na droga at iba pang krimen upang mapanatili ang maayos at ligtas na komunidad. *(Panulat ni Mark Lawrence Atencio)*

## Most Wanted Person sa kasong Rape, timbog sa Isulan, Sultan Kudarat





**Isulan, Sultan Kudarat – Arestado ang Top 3 Most Wanted Person Municipal Level sa kasong Rape sa isinagawang manhunt charlie operation ng PNP sa Isulan, Sultan Kudarat nito lamang Linggo, Abril 24, 2022**

Kinilala ni PCpt Juncint Apu, Chief of Police ng Tampakan Municipal Police Station ang suspek na si John Mark Tajao y Tagdungan, 24, may asawa, magsasaka at residente ng Purok Tuburan, Brgy. Lambayong, Tampakan, South Cotabato.

Naaresto si Tajao sa Old Capitol, Brgy. Kalawag II, Isulan ng pinagsanib puwersa ng Tampakan Municipal Police Station at Isulan Municipal Police Station. *(Panulat ni Patrolman Gio Batungbacal)*

## Most Wanted Person sa kasong Rape, timbog sa Isulan, Sultan Kudarat




**Sumilao, Bukidnon – Arestado ang Wanted Person sa kasong Attempted Murder sa isinagawang operasyon ng Sumilao PNP nito lamang Sabado, Abril 23, 2022.**

Kinilala ni Police Lieutenant Sunday Apan, Officer-in-Charge ng Sumilao Municipal Police Station, ang naarestong suspek na si Jerwin Hubayan, 30, banana plantation worker at residente ng Purok-5A, Lower Laruk, Barangay Kisolon, Sumilao, Bukidnon.

Ayon kay PLt Apan, bandang 8:30 ng umaga naaresto si Hubayan sa Sitio Kilaog, Barangay Poblacion, Sumilao, Bukidnon ng mga operatiba ng Sumilao Municipal Police Station sa bisa ng Warrant of Arrest sa kasong Attempted Murder na may rekomendadong piyansa na Php120,000.


Ang Bukidnon PNP ay patuloy na tutugisin at ilagay sa likod ng rehas ang mga taong lalabag sa batas upang mapanatiling payapa at ligtas ang probinsya ng Bukidnon. *(Panulat ni Edwin Baris/ RPCADU 10)*

# Isang Indibidwal arestado sa kasong Acts of Lasciviousness at Trespassing ng Zamboanga PNP

**Zamboanga City – Arestado ang isang indibidwal sa ikinasang operasyon ng Zamboanga PNP para sa kasong Acts of Lasciviousness at Trespassing nito lamang Abril 24, 2022.**

Kinilala ni PMaj Salvador Galvez, Chief of Police ng Zamboanga City Police Station 6, ang naarestong suspek na si Ferdilar Quijano y Isidro, 23, binata at residente ng Brgy. Tetuan Highway, Zamboanga City.

Ayon kay PMaj Galvez, bandang 7:40 ng umaga pumasok ang suspek sa bahay at silid ng biktima na si Deannia Odette Peralta y Bravo, 18 at residente ng Don Marquez Subdivision, Tetuan




Highway, Zamboanga City.

Kuwento ng biktima na habang natutulog siya ay hinawakan ang kanyang dibdib at pribadong bahagi ng kanyang katawan ng suspek na si Quijano na agad tumakas ngunit nakilala niya ito sa mukha.

Ayon pa kay PMaj Galvez, agad na inaresto si Quijano ng mga tauhan ng Zamboanga City Police Station 8, dahil sa sumbong at personal na pagkakakilanlan sa suspek na nahaharap sa kasong Acts of Lasciviousness at Trespassing.

Ang Pambansang Pulisya ay patuloy na sisiguraduhin na mabigyan ng proteksyon ang mga kababaihan sa ating lipunan. *(Panulat ni Patrolman Monching De Leon)*

# Php68M halaga ng shabu nakumpiska sa buy-bust operation sa Cebu City




**Guadalupe, Cebu City – Nakumpiska ang tinatayang Php68 milyong halaga ng shabu sa buy-bust operation ng Cebu City PNP nito lamang Sabado, Abril 23, 2022.**

Kinilala ni Police Brigadier General Roque Eduardo Vega, Regional Director ng Police Regional Office 7 ang naaresto na si Josh Vincent Camion alyas Justin, 24, residente ng Sitio Guadario, Brgy. Guadalupe, Cebu City.

Ayon kay PBGen Vega, naaresto ang suspek pasado 5:00 ng hapon sa Brgy. Guadalupe, Cebu City sa pinagsanib na operasyon ng Regional Police Drug Enforcement Unit 7 sa pangunguna ni PCpt Joffre Grande at Philippine Drug Enforcement Agency 7.

Ayon pa kay PBGen Vega, nakuha kay Camion ang mahigit sa sampung kilo ng shabu na may Standard Drug Price na Php68,000,000 at buy-bust money.

Ang nasabing suspek ay nahaharap sa kasong paglabag sa RA 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

Ang matagumpay na operasyon ay bunga ng pinaigting na pagsasagawa ng Simultaneous Anti-Criminality Law Enforcement Operation ng PNP kasama ang iba pang ahensya ng pamahalaan. *(Panulat ni Patrolman Carl Philip Galido)*

# Php6.8M halaga ng shabu nakumpiska sa PNP buy-bust sa Cebu City; suspek, timbog



**Camp Sotero Cabahug, Cebu City – Nakumpiska ang tinatayang Php6.8 milyon na halaga ng shabu sa suspek na naaresto sa buy-bust operation ng PNP sa Cebu City nito lamang Sabado, Abril 23, 2022.**

Kinilala ni Police Colonel Ernesto Salvador Tagle, City Director ng Cebu City Police Office, ang naarestong suspek na si Lyle Gonzales Padilla alyas "Bawaw", 34, residente ng Brgy. Duljo Fatima, Cebu City.


Ayon kay PCol Tagle, ang suspek ay kabilang sa High Value Individual sa rehiyon 7 at naaresto ito bandang 6:00 ng umaga sa Brgy. Mambaling, Cebu City sa magkatuwang na operasyon ng mga tauhan ng Police Station 11, CCPO at PDEA 7.

Nakuha mula sa suspek ang limang pakete ng hinihinalang shabu na may bigat na 1,010 gramo at may Standard Drug Price na Php6,868,000 at buy-bust money.

Nahaharap ang suspek sa kasong paglabag sa RA 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

Ang matagumpay na operasyon ay bunga ng maayos at pinaigting na pagsasagawa ng Simultaneous Anti-Criminality Law Enforcement Operation ng PNP katuwang ang iba pang ahensya ng pamahalaan sa nasabing rehiyon. *(Panulat ni Patrolman Edmersan Llapitan)*

# Php6.9M halaga ng shabu, nasabat ng Cebu City PNP; tulak ng droga, arestado




**Cebu City - Nasabat ang tinatayang Php6.9 milyong halaga ng shabu sa isang suspek sa buy-bust operation ng Cebu City PNP nito lamang Sabado, Abril 23, 2022.**

Kinilala ni Police Colonel Ernesto Salvador Tagle, City Director ng Cebu City Police Office, ang suspek na si Vincent Ianiel Arnaiz Violanda alyas "Ikot", 30, residente ng Sitio Continental, Brgy. Duljo Fatima, Cebu City.

Ayon kay PCol Tagle, ang suspek ay naaresto bandang 4:30 ng umaga sa Carlock Street, Brgy. Duljo Fatima, Cebu City ng mga operatiba ng Police Station 11, CCPO sa pangunguna ni Police Major Dindo Juanito Alaras.

Ayon pa kay PCol Tagle, si Violanda ay kabilang sa Regional Level Drug Watch List at High Value Individual ng Rehiyon 7.

Nakuha sa suspek ang 1,015 gramo ng shabu na may tinatayang Standard Drug Price na Php6,902,000, isang back pack at buy-bust money.

Nahaharap ang suspek sa kasong paglabag sa RA 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

Ang matagumpay na operation ay bunga ng maayos at pinaigting na pagsasagawa ng Simultaneous Anti-Criminality Law Enforcement Operation ng PNP katuwang ang iba pang ahensya ng pamahalaan sa nasabing rehiyon. *(Panulat ni Patrolman Aivan Guisadio)*

# Php374K halaga ng shabu, nasabat ng Bohol PNP

**Bohol - Nasabat ang tinatayang Php374K na halaga ng shabu sa isinagawang buy-bust operation ng mga operatiba ng Bohol PNP nito lamang Lunes, Abril 25, 2022.**


Kinilala ni Police Brigadier General Roque Eduardo DP Vega, Regional Director ng Police Regional Office 7, ang suspek na si Richard Pacang Fernandez, 41, residente ng Purok 7, Brgy. Poblacion, Dauis, Bohol.

Ayon kay PBGen Vega, naaresto ang suspek bandang 10:40 ng gabi sa Purok 7, Brgy. Poblacion, Dauis, Bohol ng mga operatiba ng Police Drug Enforcement Unit, at Police Intelligence Unit ng Bohol Police Provincial Office.

Ayon pa kay PBGen Vega, nakuha kay Fernandez ang isang sachet at pitong plastic pack na naglalaman ng mahigit kumulang 55 gramo ng shabu na may tinatayang halaga na Php374,000, buy-bust money, isang sling bag na ginamit bilang lalagyan at isang cellphone.

Mahaharap ang suspek sa kasong paglabag sa RA 9165 o ang Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

Hangad ng kapulisan na panatilihing ligtas ang bawat mamamayan mula sa komunidad na kanilang nasasakupan, at sugpuin ang iba't ibang uri ng kriminalidad, maging ang problema sa ilegal na droga. *(Panulat ni Patrolman Aivan Guisadio)*



THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE PHILIPPINE NATIONAL POLICE

PULIS SERBIS

BALITA

#PNPKAKAMPIMO

Volume VI No.17 * Abril 23 - 29, 2022 * Visit our Facebook Page: PULIS SERBIS BALITA Email Add: pnppublications@pcadg.gov.ph

# Padyakan para sa SAFE 2022 Elections isinagawa ng La Union PNP



**La Union – Isinagawa ng La Union PNP ang Padyakan sa La Union Police Provincial Office La Union Leg kaugnay sa Secure, Accurate, Free and Fair National and Local Elections 2022 nitong Sabado, Abril 23, 2022.**

Ang aktibidad ay pinangunahan ni Provincial Director, Police Colonel Jonathan Calixto ng La Union Police Provincial Office at dinaluhan ni Police Brigadier General Emmanuel Peralta, Regional Director ng Police Regional Office 1.

Dumalo din ang mga kinatawan ng Bureau of Fire Protection, Criminal Investigation and Detection Group, Commission on Elections, National Citizens' Movement for Free Elections, National Intelligence Coordinating Agency, Air Force, Navy, Coast Guard, Philippine Drug Enforcement Agency at iba pang mga mahilig sa bike mula sa buong lalawigan.

Sinimulan ang aktibidad sa isang masinsinang panalangin na sinundan ng basic exercises.

Nagsagawa din ng area route security ang mga PNP mula sa siyudad ng San Fernando, La Union upang masigurado ang seguridad ng mga lumahok na bikers.

Ang isang 27.8-kilometer na ruta ay payapang naidaos ng halos isang libong kalahok.

Layunin nitong isulong ang pagkakaisa sa lahat ng sektor upang magtulungan para sa mapayapa, maayos at malinis na halalan sa darating na ika-9 ng Mayo 2022.

# PWD, tinulungan ng President Quirino PNP



**President Quirino, Sultan Kudarat - Inabutan ng tulong ang isang lalaking may kapansanan ng President Quirino PNP sa Sultan Kudarat nito lamang Lunes, Abril 25, 2022.**

Kinilala ni Police Major Samuel Domingo, Chief of Police ng President Quirino Municipal Police Station ang lalaking may kapansanan na si "Makoy" na tinamaan ng sakit na Polio at hindi na nakakalakad mula edad lima hanggang taong kasalukuyan.

Si Makoy ay nakatanggap ng Grocery Items na maaaring makatulong sa kanya sa pang araw-araw na pangangailangan.

Pinuri naman ni PCol Tom Tuzon, Provincial Director ng Sultan Kudarat Police Provincial Office ang President Quirino PNP dahil sa ipinakitang pagmamalasakit sa kapwa lalo na sa mga may kapansanan at hikahos sa buhay.

Ang PNP ay patuloy sa paghahatid ng magagandang serbisyo at pagmamalasakit sa kapwa lalo na sa mga kapus palad nating kababayan. *(Panulat ni Patrolman Khnerwin Jay A Medelin)*

# Coastal Clean-Up Drive, isinagawa ng Roxas PNP



**Roxas, Oriental Mindoro – Nagsagawa ang Roxas PNP ng coastal clean-up drive sa Sitio Iliwan, Brgy. Dangay, Roxas. Oriental Mindoro, noong Abril 23, 2022.**

Ang aktibidad ay pinangunahan ni Police Major Patricio Corcha Jr. Station Chief ng Oriental Mindoro Maritime Police Station, at mga tauhan ng Roxas Maritime Law Enforcement Unit, Roxas Municipal Police Station.

Katuwang din sa nasabing aktibidad ang mga Mangyan II Tamaraw Eagles Club, Hiraya II Tamaraw Eagles Club, Roxas Municipal Agriculture Office, Philippine Coast Guard Roxas Sub-Station, Philippine Eagles Club, Fraternal Socio-Civic Organization, at mga aktibong residente ng nasabing barangay.

Naglinis at namulot ng mga basura ang mga grupo sa dalampasigan na kung saan may kabuuang walong sakong basura ang nakolekta.

Layunin ng aktibidad na ito na ipagpatuloy ang Duterte Legacy Caravan Project na may Temang "Pagkakaisa ng Mamamayan at Pamahalaan Tungo sa Pagbangon, Kapayapaan at Kaunlaran" sa pamamagitan ng pagtutulungan ng lahat ng ahensya kasama ang komunidad, upang pangalagaan at protektahan ang ating yamang dagat at kapaligiran. *(Panulat ni Patrolman Erwin Calaus)*

